1

DEPARTMENT OF EDUCATION

# Lingguhang Aralin sa Makabansa

Kwarter 2

Linggo 4

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Lingguhang Aralin sa Makabansa 1**
**Kwarter 2: Linggo 4**

Ang materyal na ito ay gagamitin lamang para sa pagtuturo ng mga guro at pagkatuto ng mga mag-aaral sa MATATAG K to 10 Kurikulum. Layunin nitong maging batayan sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ipinagbabawal ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pagrebisa, paggamit o pagbahagi ng materyal na ito. Anumang paglabag o hindi pagsunod sa itinakdang saklaw ay maaaring magresulta sa kaparusahan alinsunod sa legal na hakbang.

Ang ilan sa mga akdang ginamit sa materyal na ito ay orihinal. Pinagsumikapan ng mga bumuo ng materyal na makuha ang pahintulot ng mga manunulat sa paggamit ng iba pang akda at hindi inaangkin ang karapatang-ari ng mga ito.

Tiniyak din ang kawastuhan ng mga impormasyong nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaaring sumangguni sa Tanggapan ng Direktor ng Bureau of Learning Resources sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numerong (02) 8634-1072 / 8631-6922 o pagpapadala ng email sa blr.od@deped.gov.ph.

Mula sa Kagawaran ng Edukasyon, isang taos pusong pasasalamat sa United States Agency for International Development and RTI International sa pamamagitan ng ABC+ Project at UNICEF sa pagsuporta at pagbibigay ng teknikal na tulong sa pagbuo ng MATATAG learning resources.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Sonny M. Anagara
Pangalawang Kalihim: Gina O. Gonong

**Bumuo sa Pagsusulat**

**Manunulat:** Kathleen Andrea Olimon
**Tagasuri:** Cherry Gil J. Mendoza, Jocelyn Tuguinayo
**Tagaguhit:** Mark D. Petran, Fermin Fabella
**Layout Artist:** Analyn T. Serrano

**Namahala sa Pagbuo ng Materyal**
Bureau of Curriculum Development
Bureau of Learning Delivery
Bureau of Learning Resources

| MATATAG Kto10 Kurikulum Lingguhang Aralin | Paaralan: | | Baitang: | 1 |
|---|---|---|---|---|
| | Pangalan ng Guro: | | Asignatura: | Makabansa |
| | Petsa at Oras ng Pagtuturo: | | Markahan: | 2 |


| | UNANG ARAW | IKALAWANG ARAW | IKATLONG ARAW | IKAAPAT NA ARAW |
|---|---|---|---|---|
| **I. NILALAMAN, MGA PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYANG PAMPAGKATUTO NG KURIKULUM** | | | | |
| *A. Pamantayang Pangnilalaman* | Nauunawaan ang mga bahaging ginagampanan at tungkulin bilang kasapi ng pamilya | | | |
| *B. Pamantayang Pagganap* | Nakagagawa ng likhang-sining na nagpapakita ng papel at tungkulin ng mga kasapi ng pamilya. | | | |
| *C. Mga Kasanayang Pampagkatuto* | Naipaliliwanag ang papel at tungkulin ng mga kasapi ng pamilya | | | |
| *D. Mga Layunin* | Nakasasagot sa mga tanong tungkol sa maikling kuwentong: "Si Boboy, Sandali Lang Po."<br><br>Nakapagbabahagi ng saloobin tungkol sa maikling kuwentong: Si Boboy, Sandali Lang Po." | Nailalarawan ang bawat kasapi ng sariling pamilya.<br><br>Natutukoy ang mga gawain ng kasapi ng pamilya. | Naipakikita ang mga gawain ng kasapi ng pamilya sa loob at labas ng tahanan sa pamamagitan ng simpleng pagsasadula. | Naiguguhit ang mga gawain ng pamilya. |
| **II. NILALAMAN/PAKSA** | 1. Ang mga kasapi ng pamilya<br>2. Mga gawain ng kasapi ng pamilya. | | | |
| **III. MGA KAGAMITANG PANTURO AT PAMPAGKATUTO** | | | | |
| *A. Mga Sanggunian* | "Si Boboy, Sandali Lang Po" | Sample family chart: | "Salamat, Mama" | Mga halimbawang larawan: www.freepik.com |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | https://bloomlibrary.org/player/8r6rvOqIiE | https://www.freepik.com/free-vector/hand-drawn-style-family-relationship-chart_18773152.htm | https://bloomlibrary.org/player/Zs0c611SoC?lang=fil | |
| B. *Iba pang Kagamitan* | Kopya ng kuwento]<br>Kuwaderno<br>Lapis | Larawan ng pamilya<br>Kopya ng *family chart*<br>Pisara<br>*Chalk*<br>WS1 – Q2 – Week 4 | Kopya ng family chart<br>Kopya ng kuwento<br>WS2 -Q2 -Week 4 | Maliliit na papel na naglalaman ng mga salitang naglalarawan sa mga gawain sa tahanan:<br>• Naglalaba<br>• Nagluluto<br>• Nag aalaga ng sanggol<br>• Naghahatid ng anak sa paaralan<br>• Naglilinis ng bahay<br>Kopya ng mga larawan<br>WS3 -Q2 -Week 4 |
| **IV. MGA PAMARAANG PANTURO AT PAMPAGKATUTO** | | | | |
| | | | | |
| *Panimulang Gawain* | Balik Aral:<br>Tatanungin muna ng guro ang mga sumusunod, bilang gabay sa pagbabalik-aral:<br>Ano-ano ang mga gawain na inyong natatandaan na ating ginawa noon nakaraaang linggo? | Show and Tell:<br>Bawat mag-aaral ay magpapakita ng larawan o kanilang sariling guhit ng kanilang pamilya.<br><br>Bawat mag-aaral ay bibigyan ng pagkakataon na ipakita ang larawan ng kanilang pamilya sa | Balik Aral:<br><br>Ipakikitang muli ng guro ang family chart.<br><br>Maaaring itanong ng guro ang mga sumusunod na tanong:<br>1. Sino-sino ang nasa chart? | Laro: “Gagawin ko, Huhulaan mo”<br>1. Tatawag ang guro ng mag-aaral na gagawa ng kilos sa harap ng klase.<br>2. Huhulaan naman ng buong klase ang kilos na ginagawa ng mag-aaral. |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | Ano-ano naman ang inyong natutunan mula sa aralin noong nakaraang linggo?<br><br>Think-Pair-Share:<br>Bawat mag-aaral ay hahanap ng kapares. Itatanong nila sa kanilang kapares ang tanong:<br>• Ano ang paborito mong sinasabi ni nanay at tatay sayo? Bakit?<br><br>Maaaring bigyan ng guro ng 2 minuto ang mga mag-aaral para sa gawain na ito.<br><br>Hayaan magbahagi ang ilang mag-aaral sa klase nang kanilang napag usapan ng kaniyang kapares. | klase. Ipakikilala ng mag-aaral ang mga kasapi ng kanilang pamilya sa klase.<br><br>Bilang gabay, maaaring magpakita ang guro ng larawan ng kaniyang pamilya. Isa-isahin ang mga kasapi ng pamilya. | 2. Ano-ano ang kanilang ginagawa sa pamilya? | Mga Halimbawa ng salita:<br>• Naglalaba<br>• Nagluluto<br>• Nag aalaga ng sanggol<br>• Naghahatid ng anak sa paaralan<br>• Naglilinis ng bahay |
| *Gawaing Paglalahad ng Layunin ng Aralin* | Ilalahad ng guro ang layunin ng aralin: | Ilalahad ng guro ang layunin ng aralin: | Ilalahad ng guro ang layunin ng aralin: | Ilalahad ng guro ang layunin ng aralin: |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | "Sa araw na ito, layunin natin na makasagot ng mga tanong tungkol sa maikling kuwentong: 'Si Boboy, Sandali Lang Po.'"<br><br>"Layunin din natin na makapagbahagi ng saloobin tungkol sa maikling kuwentong: 'Si Boboy, Sandali Lang Po.'" | "Sa araw na ito, layunin natin na mailarawan ang bawat kasapi ng ating pamilya."<br><br>"Layunin din natin na matukoy ang mga gawain ng mga kasapi ng pamilya." | "Sa araw na ito, layunin natin na maipakita ang mga gawain ng kasapi ng pamilya sa loob at labas ng tahanan sa pamamagitan ng simpleng pagsasadula" | "Sa araw na ito, layunin natin na maiguhit ang mga gawain ng ating pamilya." |
| *Gawaing Pag-unawa sa mga Susing-Salita/Parirala o Mahahalagang Konsepto sa Aralin* | Babasahin ng mga mag-aaral ang pamagat ng kuwento.<br><br>Itatanong nya ang mga sumusunod na tanong:<br>• Tungkol saan kaya ang kuwentong ating babasahin?<br>• Bakit kaya sinasabi ni Boboy ang "Sandali lang po?" | Tatanungin ng guro ang mga mag-aaral kung ano ang mga salitang ginagamit nila sa pagtawag sa mga kasapi ng kanilang pamilya.<br><br>Isulat sa pisara ang mga sagot ng mga mag-aaral. Ipabasa ito sa mga mag-aaral matapos ang paglilista.<br><br>Halimbawa ng mga salita:<br>1. Nanay<br>2. Tatay<br>3. Kapatid<br>4. Ate | Pagbabasa ng Maikling kuwento:<br><br>Ipakita ang pabalat ng libro sa mga mag-aaral. Itatanong ng guro ang mga sumusunod:<br><br>• Tungkol saan kaya ang kuwentong babasahin?<br>• Ano kaya sa tingin ninyo ang gawain ni mama sa kuwento?<br><br>Maaaring isulat ng guro sa pisara ang mga | Ipaliliwanang ng guro na ang bawat kasapi ng ating pamilya ay may gawain na ginagampanan kabilang na ang pagiging isang anak.<br><br>Magpapakita ng mga larawan ang guro. Ilalarawan ng mag-aaral ang mga ito. Ilan sa mga halimbawa ay ang mga sumusunod: |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | 5. Kuya<br>6. Bunso | hinuha ng mga mag-aaral.<br><br>Ipababasa ng guro ang kuwento sa mga mag-aaral: “Salamat, Mama” | *1.* <br><br>*2.* <br><br><br>*3.*<br><br>Isusulat ng guro ang mga sagot ng mag-aaral sa pisara. |

| 1 | | | | |
|---|---|---|---|---|
| *Pagbasa sa Mahahalagang*<br>*Pag-unawa/Susing Ideya* | Pagbabasa ng guro ng kuwento sa mga mag-aaral.<br><br>Maaaring tumigil ang guro sa ilang bahagi ng kuwento upang magtanong sa mga mag-aaral at malaman ang pagkakaintindi nila sa bahagi ng kuwento. | Ipaliliwanag ng guro ang iba’t ibang tawag sa mga kasapi ng pamilya.<br><br>Sa isang *family chart*, ipakikita ng guro ang bawat kasapi ng isang pamilya at ipaliliwanag ang relasyon ng bawat isa.<br><br>Halimbawa ng family chart:<br><br><br>**Paalala sa Guro:**<br>Mainam na ipaliwanag sa mga mag-aaral na ang family chart ng bawat isa ay maaaring mag iiba-iba dahil sa iba’t ibang uri ng ating pamilya. | Matapos basahin ang kuwento, sisimulan ng guro ang talakayan sa pagtatanong ng ilang mga gabay na tanong:<br>1. Tungkol saan ang kuwento na ating binasa?<br>2. Ano ang gawain ng nanay sa kuwento?<br>3. Bakit kaya nagpapasalamat ang tauhan sa kaniyang mama?<br><br>Babalikan ng guro ang mga hinuha na isinulat sa pisara at aalamin kung tama o mali ang mga ito.<br><br>Ipaliliwanag ng guro na ang bawat kasapi ng pamilya ay may mga gawain sa loob at labas ng tahanan.<br>• Gawain ng mga magulang na maibigay ang | Babasahin ng mga mag-aaral, sa gabay ng guro, ang mga naging sagot ng mga mag-aaral na isinulat sa pisara. |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | pangangailangan ng kanilang mga anak tulad ng pagkain, maayos na tirahan, at malusog na katawan.<br>• Gawain ng mga anak sa pamilya na maging matulungin sa bawat isa.<br>• Gawain ng mga anak sa pamilya ang mag-aral ng Mabuti para sa magandang hinaharap.<br><br>Ipaliliwanag ng guro ang halaga ng mga gawain bilang magulang at anak. | |
| *Pagpapaunlad ng Kaalaman at Kasanayan sa Mahahalagang Pag-unawa/Susing Ideya* | Pagkatapos magbasa, itatanong ng guro ang mga sumusunod na tanong:<br><br>1. Nagustuhan nyo ba ang kuwentong ating binasa? Bakit oo at bakit hindi? | Ang mga mag-aaral ay hahatiin sa maliliit na pangkat. Bawat pangkat ay mayroong tatlo hanggang apat na kasapi.<br><br>Bawat mag-aaral sa pangkat ay bibigyan ng nakatalagang | Ilan pang karagdagang tanong na tungkol sa layunin sa araw na ito:<br>• Bakit kaya mahalaga na nagpapasalamat tayo sa ating mga magulang? | Ipaliliwanag ng guro na bukod sa mga gawain ng bawat isa sa pamilya, mayroon ding mga gawain na masayang ginagawa ng isang pamilya ng sama-sama. |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | 2. Ano ang sinabi ng mga sumusunod na tauhan kay Boboy?<br>- Tatay/Mang Victor<br>- Nanay/Aling Nena<br>- Ate<br>- Kuya<br>3. Ano ang sagot palagi ni Boboy?<br>4. Bakit kaya "sandali lang po" ang parating sagot ni Boboy?<br>5. Ano ang nangyari ng minsan na sumagot si Boboy ng "sandali lang po" sa oras ng meryenda?<br>6. Bakit kaya pinamagatan ang kuwento ng "Si Boboy, Sandali Lang po?<br>7. Kung ikaw si Boboy, ano kaya ang mainam na gawin o isagot sa mga sinasabi ng mga kasapi ng pamilya? | miyembro ng pamilya. Maaaring nakasulat ito sa mga papel at bubunot na lamang ang mag-aaral ng naka atas na salita sa kaniya:<br>1. Nanay<br>2. Tatay<br>3. Anak (Maaring himayin pa kung mas marami ang kasapi ng pangkat. Gamitin ang "ate," "kuya," o "kapatid" sa papel.<br><br>Bawat mag-aaral ay bibigyan ng pagkakataon ibahagi ang salitang nabunot/miyembro ng pamilya na nabunot. Ibabahagi ng mag-aaral ang mga pang-araw-araw na gawain ng miyembro ng pamilya na nabunot.<br><br>Halimbawa:<br>1. Si tatay ang nagluluto ng | Maaaring balikan ng guro sa bahaging ito ang mga uri ng pamilya base sa mga kasapi nito (single parent, extended family) upang mas mabigyang diin na ang mga papel at tungkulin ng magulang ay hindi nakakahon kay nanay o kay tatay lamang.<br><br>Paghahanda sa pagsasadula ng mga mag-aaral.<br>• Magtalaga ng bahagi ng pamilya sa bawat pangkat. (Maaring magkaroon ng kaparehas na pangkat mula sa Day 2 ng linggong ito).<br>• Bigyan ng oras ang mga mag-aaral na pagusapan kung paano gagawin ang *skit* na nagpapakita ng | Magpapakita ang guro ng mga halimbawa gamit ang mga larawan:<br><br> |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | Ipaliliwanag ng guro na sa pamilya, bawat isa ay may mga mahahalagang gawain. Mabuting kaugalian ng bawat isa ang pagtutulungan at pagbibigay ng oras sa bawat isa. | pagkain ng buong pamilya.<br>2. Si nanay ay nagtatrabaho upang magkaroon kami ng pambili ng pagkain.<br>3. Si kuya ay kasabay kong pumapasok sa paaralan. | gawain ng pamilya na kanilang pinili. | <br><br>Ipalarawan sa mga mag aaral ang mga larawan upang maging gabay sa talakayan. |
| *Pagpapalalim ng Kaalaman*<br>*at Kasanayan sa Mahahalagang*<br>*Pag-unawa/Susing Ideya* | Gagawin o Sandali lang Po:<br>1. Ang mga mag-aaral ay aanyayahan na tumayo sa bahagi ng silid na makagagalaw sila ng maayos.<br>2. Magbabasa ang guro ng pangungusap<br>3. Tutukuyin ng mga mag-aaral kung ang mga pangungusap ay | Ang guro ay tatawag ng ilang mga mag-aaral na magbabahagi ng napagusapan sa kanilang mga pangkat.<br><br>Maaaring itanong ng guro sa klase ang mga sumusunod matapos ang mga pagbabahagi?<br>1. Ano ang napansin sa mga gawain ng *tatay* sa pamilya?<br>2. May pagkakapareho | Pagsasadula ng mga mag-aaral:<br>• Bigyan ng oras ang mga mag-aaral na magtanghal ng kanilang dula-dulaan.<br>• Mainam na obserbahan ng guro ang mga natatanging gawain na ibabahagi ng mga mag-aaral. | Guguhit ng larawan ang mga mag-aaral tungkol sa mga gawain ng kanilang pamilya na ginagawa ng sama-sama.<br><br>Maaaring sabihin ang gabay na tanong para matulungan ang mga mag-aaral sa gawain:<br>• Ano ang paborito ng inyong pamilya na gawin ng sama-sama? |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | nagsasad ng gawain na makatutulong sa pamilya o hindi.<br>4. Kung ang pangungusap ay tungkol sa pagtulong sa pamliya, gagalaw ang mag-aaral ayon sa kahulugan ng pangungusap.<br>5. Kung ang pangungusap ay hindi nagpapakita ng pagtulong sa pamilya, sisigaw sila ng "sandali lang po"<br>6. Sa bawat sagot ng mag-aaral, mainam na hayaan ng guro na ipaliwanag ng mag-aaral ang kanilang sagot.<br><br>Mga halimbawang pangungusap:<br><br>1. Inaabot ang mga kagamitan na kailangan ni | ba at pagkakaiba ang mga gawain ng tatay sa pamilya?<br><br>**Maaaring palitan ng iba pang kasapi ng pamilya.* | | Sabihin sa mga mag-aaral na maging handa sila sa pagbabahagi ng kanilang gawa sa klase. |

<table>
<tr><td></td><td>tatay sa pagkukumpuni sa sirang bentilador.<br>2. Nagwawalis ako ng aming kuwarto.<br>3. Nagtutupi ako ng ginamit na kumot tuwing umaga.<br>4. Manunuod ako ng telebisyon buong maghapon. (sisigaw)<br>5. Nakasimangot akong maghuhugas ng pinggan. (sisigaw)<br>6. Bibiruin ko ang aking kapatid hanggang sa ito ay umiyak. (sisigaw)</td><td></td><td></td><td></td></tr>
<tr><td colspan="5">Pagkatapos Ituro ang Aralin</td></tr>
<tr><td>Paglalapat at Paglalahat</td><td>Itatanong ng guro sa mga mag-aaral ang mga sumusunod tungkol sa naunang gawain:<br>1. Paano ninyo natutukoy na ang pangungusap ay dapat ninyong gawin?</td><td>Babalikan ng guro ang layunin habang ipinapakita ang halimbawa ng family chart. Itatanong ito sa mga mag-aaral:<br><br>“Mula sa chart, ano ang ating mga</td><td>Itatanong ng guro sa klase ang mga sumusunod:<br>1. Ano ang mga katangi-tanging gawain ang naipakita ng inyong mga kaklase sa pagsasadula?</td><td>Ibabahagi ng mga mag-aaral ang kanilang ginawang larawan sa harap ng klase.<br><br>Maaaring idikit ng guro ang mga ginawa ng mag-aaral sa isang bulletin board sa loob ng silid-aralan.</td></tr>
</table>

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | 2. Paano ninyo natutukoy na ang pangungusap ay hindi dapat gawin sa ating laro?<br>3. Ano ang natutunan natin sa kuwento ni Boboy? | natutunan sa araw na ito?<br><br>"Paano natin inilarawan ang mga kasapi ng ating pamilya sa araw na ito? (Maaaring ituro isa-isa ng guro ang mga kasapi ng pamilya sa family chart bilang gabay) | 2. Ang mga gawain ba na naisadula ay maari ding gawin ng ibang kasapi ng pamilya?<br><br>Halimbawa: Ang paghahanap-buhay ay gawain ng tatay. Maaari din ba itong gawin ni nanay? | Itatanong ng guro sa klase ang mga sumusunod:<br>1. Ano masasabi ninyo sa gawa ninyong mga larawan? Maaaring ituro ng guro ang mga larawan na nakapaskil sa pisara.<br>2. Ano ang inyong mga natutunan mula sa inyong mga kamag-aral sa gawain natin sa araw na ito?<br>3. Anong mga gawain ang nais din ninyong gayahin at gawin sa inyong pamilya? |
| *Pagtataya ng Natutuhan* | Iguguhit ng mag-aaral ang mga gawain na ginagawa na ni Boboy matapos maubusan ng meryenda. | Gagawa ng sariling family chart ang mga mag-aaral.<br><br>WS1 – Q2 – Week 4 | Ang pagsasadula ng mga mag-aaral ang magsisilbing pagtataya ng natutunan para sa araw na ito. | Ang ginuhit na larawan ng mga mag-aaral ang magsisilbing pagtatay ng natutunan sa araw na ito. |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| *Mga Dagdag na Gawain para sa Paglalapat o para sa Remediation (kung nararapat)* | Takdang Aralin: Ang mga mag-aaral ay pagdadalahin ng larawan ng kanilang pamilya para sa *Show and Tell* sa susunod na araw. Kung hindi makakalap ng larawan ang mga mag-aaral ay maaaring magdala sila ng kanilang sariling guhit ng kanilang pamilya. | Gamit ang family chart, maaaring lagyan ng larawan ng mag-aaral ang bawat kasapi ng kaniyang pamilya upang mas madaling makilala ang ugnayan ng mga ito. | Ang WS2 -Q2 -Week 4 ay maaaring gamitin para sa aralin sa araw na ito. | Ang WS3 -Q2 -Week 4 ay maaaring gamitin para sa aralin sa araw na ito. |
| *Mga Tala* | Mainam na maging sensitibo ang guro sa talakayan tungkol sa pamilya. Ito ay pagkakataon na makilala ang mga mag-aaral at ang pamilyang kanilang kinabibilangan na maaaring makatulong sa kaniyang partisipasyon sa mga gawain sa paaralan. | | | |
| *Repleksiyon* | | | | |

Inihanda ni: Nirebyu ni: Pinagtibay ni:

______________________ ______________________ ______________________

Guro | Master Teacher / Head Teacher | School Head